8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 6



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 3: Araling 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Piedad O. Diola

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.



**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 3, IKAANIM 6, BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nasusuri ang dahilan at epekto ng "Cold War" sa Asya at Africa.<br><br>1. Naipaliliwanag ang mga dahilan, epekto at implikasyon ng mga digmaang Korea, Vietnam at Ruso-Afghan sa kasaysayan.<br>2. Naiisa-isa ang mga bansang naging kasapi ng non-aligned nations.<br>3. Nahihinuha ang mga implikasyon sa kasayayan Digmaang Korea, Digmaang Vietnam at Digmaang Ruso-Afghan. |
| **C. Nilalaman** | Ang Asya at Africa sa Panahon ng Cold War; Non Aligned Nations; Neokolonyalismo, Korean War, Vietnam War; Russian-Afghan War |
| **D. Integrasyon** | Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala (Power, Authority, and Governance) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| *Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 19). Cold War. Encyclopedia Britannica.* https://www.britannica.com/event/Cold-War<br>*Halperin, S. (2024, April 5). neocolonialism. Encyclopedia Britannica.* https://www.britannica.com/topic/neocolonialism<br><br>*Munro, A. (2024, May 8). Non-Aligned Movement. Encyclopedia Britannica.* https://www.britannica.com/topic/Non-Aligned-Movement |

*Spector, R. H. (2024, May 21). Vietnam War. Encyclopedia Britannica.* https://www.britannica.com/event/Vietnam-War
*korean_vietnam war.* (n.d.).
https://www.realclearhistory.com/2013/07/27/how_korean_war_compared_to_vietnam_2978.html?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTAAAR1REVCx1eBNWN9l4v_M2mP8iNVy6zE2Inkq9Eq0VGwd2pGb6ZoM6p5syCo_aem_AUTpJmzgcy3BBs86y-fgUK-SHT7AAgMhpXeThdLCiP62wR6uXSpTN2ZqaiZ_AvZwCnjXxuMgM25COtHDA7c2wA14#

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1.Maikling Balik-aral**<br>**Gawain Three for Treat**<br>**Panuto:** Maglagay sa pisara/maghanda ng powerpoint slides ng mga larawang may kinalaman sa nakaraang aralin. Ipapangkat ng mga mag-aaral ang mga larawan ayon sa paksa. Tiyaking may 3 na larawan sa bawat paksa at magkapagsusulat ng maikling paliwanag tungkol sa naipangkat na larawan.<br>    | Pinagkunan ng larawan<br>*Image Space.* (n.d.).<br>https://freerangestock.com/photos/70478/astronaut-in-space.html<br><br>*cuban missile.* (n.d.).<br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:S-75_Dzwina_RB2.jpg<br><br>Mga pagpapangkat:<br>Cuban Missile<br>Truman Doctrine<br>Space Race |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain: Pick A Pic**<br>Panuto: Papiliin ang mga mag-aaral ng isa sa mga larawan. Bigyan ng maikling oras upang mabuo nila ang kaisipang may kaugnayan sa larawan.<br>  <br>*Ang mga larawan ay nagpapakita ng makabagong anyo ng kolonyalismo tulad ng pagbibigay ng bahagi sa ani, tulong pinansyal at kita sa negosyo. | Pinagkunan ng mga larawan:<br>*westAid.* (n.d.).<br>https://trinitonian.com/2023/02/16/african-aid-a-tool-of-neocolonialism/.<br><br>*neocolonialUSA.* (n.d.).<br>http://en.cubadebate.cu/opinions/2011/06/17/neo-neo-colonialism/. |


| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain: Box Type**<br>**Panuto:** Maghahanda ang guro ng dalawang kahon kung saan matatagpuan ang mga konsepto para sa paghawan ng bokabularyo. Kukunin sa Boix A ang mga konsepto at ididikit sa pisara. Ang mga mag-aaral ay bubunot sa Box B upang ipareha sa mga salitang nakuha mula sa Box A.<br><br>**Cold War**<br>● labanan sa pagitan ng Amerika at Soviet Union na nagresulta ng maliliit na digmaan kasama na ang pagpaparami ng armas at banta ng terorismo.<br>**Neokolonyalismo**<br>● sinimulang gamitin ang salitang ito sa pagtatapos ng kolonyalismo sa mga bansa sa Asya at Africa. Sa mga kontinenteng ito matatagpuan ang ilan sa mga *underdeveloped* countries.<br>● Sa ibang katuturan, ito ay tumutukoy sa paggamit ng isang maunlad o malakas na bansa ng kanyang makapangyarihang paraang pampolitika, pangmilitar at pang-ekonomiya upang mapalaganap ang impluwensya at patuloy na magdomina sa mga bansang hindi gaanong maunlad.<br>● Ito rin ay ang patuloy na pag-impluwensya ng mga mananakop sa bansa na kanilang sinakop.<br>**Non-aligned Nations**<br>pangkat ng mga bansang dati nang nasakop noong panahon ng Kolonyalismo at ngayon ay may sari-sariling kasarinlan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Paglaya ng mga bansa at Neokolonyalismo**<br>**Pagproseso ng Pang-unawa** _<br>**Gawain: Video Watch**<br>https://www.youtube.com/watch?v=-LZwUXDYImI<br>Pambungad:<br>● Neokolonyalismo ang tawag sa pagkontrol sa mga di-maunlad na bansa ng mga maunlad na bansa sa pamamagitan ng hindi direktang paraan.<br>● Ang terminong neokolonyalismo ay unang ginamit pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig upang tukuyin ang patuloy na pag-asa o pagdepende ng mga dating kolonya sa mga dayuhang bansa.<br>● Ang kahulugan nito ay lumawak sa paglipas ng panahon upang magamit, sa pangkalahatan, sa mga lugar kung saan ang kapangyarihan ng mga | |

| | | |
|---|---|---|
| | mauunlad na bansa ay ginamit upang maipagpatuloy ang pananakupan dito sa hindi direktang paraan.<br>● Ang neokolonyalismo ay nakitang mas pangkalahatan bilang kinasasangkutan ng isang maayos na pagsisikap ng mga dating kolonyal na kapangyarihan at iba pang mauunlad na bansa upang hadlangan ang paglago sa papaunlad na mga bansang dating sakop at panatilihin ang mga ito bilang pinagmumulan ng murang hilaw na materyales at murang paggawa.<br><br>Mga Gabay na Tanong hango sa pinanood na *video*<br>1.Ano ang kahulugan ng neokolonyalismo?<br>2. Bakit tinawag na bagong uri ng pananakupan ang neokolonyalismo?<br>3. Ibigay ang layunin ng pagkakaroon ng neokolonyalismo<br>4. Ano ang isa sa pinakamahalagang sangkap ng neokolonyalismo?<br>5. Bakit may malaking papel na ginampanan ang mga imperyalista sa pagpapatupad ng sistemang neokolonyalismo?<br>6. Isa-isahin at ipaliwanag ang mga uri ng neokolonyalismo?<br>7. Ipaliwanag kung bakit kasama sa pagpapatupad ng neokolonyalismo ang mga dayuhang tulong ng malakas sa mahihinang bansa<br><br>Para sa Pagtalakay sa mga Gabay na Tanong, magkaroon ng Pangkatang-gawain<br><br>Pangkat 1: Sasagutin ang tanong bilang 1-2 sa pamamagitan ng paggawa ng Poster<br><br>Pangkat 2: Sasagutin ang tanong bilang 3-5 sa pamamagitan ng Sabayang Pagbasa/”*Reader’s Theater*”<br><br>Pangkat 3: Sasagutin ang tanong bilang 6-7 sa pamamagitan ng Panayam/’*Talk Show*”<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: Fill-out Neo** *(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*<br>**Paglalapat at Pag-uugnay** *(Tingnan ang Gawain sa pahina 2 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Non-aligned Nations**<br>**Pagproseso ng Pang-unawa** | |

- Ang non-aligned nations ay may nabuong samahan noong 1961 na tinatawag na NAM o Non-Aligned Movement. Halos lahat ng bansa sa Africa ay miyembro nito. Mayroon ding mga kasapi sa America, Asya, Europa at Oceania.
- Layunin nito na wakasan ang anumang uri ng pananakop, pagbabawas ng armas, paglaban sa *Racism* at diskriminasyon (**Apartheid** -paghihiwalay sa itim at puting Aprikano)
- Mayroon ding mga tinatawag na observer countries at mga dating miyembro na umalis na sa organisasyon noong Dekada 90. Ang pinakahuling umalis na bansa sa NAM ay ang Cyprus noong 2004.
- Naging aktibo din ang Samahan sa mga proyektong pangkapayapaan tulad ng Summit for Peace na naganap sa Maynila, Pilipinas noong 2010.
- Sa modernong panahon, nakita ang pagkakaisa ng mga miyembro ng NAM nang ito ay tumulong sa pagbangon ng mga bansang mayroong mataas na kaso ng Covid noong 2019.
- Bilang ng mga bansang kasapi bawat kontinente:

| Kontinente | Bilang ng Bansa |
|---|---|
| AFRICA | 53 |
| ASYA | 36 |
| EUROPA | 2 |
| OCEANIA | 3 |
| OBSERVER COUNTRIES | 21 (mula halos sa Europa) |

- Suriin ang mapa. Ang bahaging may pinatingkad na kulay itim ay mga bansang miyembro ng NAM o Non-aligned Movement




**https://picryl.com/media/a-large-blank-world-map-of-1914-with-oceans-marked-in-blue-1-4edb36**

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: Ipahiwatig Mo.**
**Panuto:** Matapos ang talakayan tungkol sa neokolonyalismo, sabihin sa klase: "Napag-isipan nyo na ba ang ilan pang posibleng pamamaraang neokolonyalismo?" Suriin ang larawan at tukuyin kung may kaugnayan ang mga ito sa konsepto ng neokolonyalismo. Sumulat ng maikling paliwanag tungkol dito.




**Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain: MAPApansin Mo Rin**
**Panuto:** Suriin ang mapa. Kapansin-pansin na pinakamaraming bansang miyembro ng NAM ay nasa kontinente ng Africa.
Itanong ang mga sumusunod sa mga mag-aaral at pagkatapos ay magpangkat-pangkat upang mapag-usapan ang gagawing presentasyon ng kanilang mga kasagutan



https://picryl.com/media/a-large-blank-world-map-of-1914-with-oceans-marked-in-blue-1-4edb36

- Sa iyong palagay, bakit maraming bansa sa Africa ang miyembro ng NAM o Non-aligned Movement?
- Anu-ano ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagkakabuo ng *Non-aligned Nations?*
- Yamang may pagkakatulad sa kultura at lipunan ang mga miyembrong bansa, ano ang implikasyon nito sa kasaysayan at sa hinaharap"

**Ikatlong Araw**

| | | |
|---|---|---|
| | **Kaugnay na Paksa 3: Digmaang Korea at Digmaang Vietnam**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Digmaang South Korea**<br>● Naging aktibo ang South Korea sa pakikipag-ugnayan sa Amerika anupa't pinangakuan ang una na bibigyan sila ng tulong pang-ekonomiko dahil na din sa mga pinagdaanang digmaan ng Korea.<br>● Sa ilalim ng *wartime alliance* ang ekonomiya ng South Korea ay tumaas mula sa mga subsidiya, paglipat ng teknolohiya at polisiyang pang ekonomiya na napakalaki ng pakinabang sa buong Korea.<br>● Ito ay tunggalian sa pagitan ng Democratic People's Republic of Korea (North Korea) at Republic of Korea (South Korea) kung saan hindi bababa sa 2.5 milyong katao ang nasawi.<br>● Ang digmaan ay umabot sa internasyonal na sukat noong Hunyo 1950 nang ang Hilagang Korea, na tinustusan at pinayuhan ng Unyong Sobyet, ay sumalakay sa Timog.<br>● Ang United Nations, kasama ang Estados Unidos bilang pangunahing kalahok, ay sumali sa digmaan sa panig ng mga South Korean, at ang People's Republic of China ay tumulong sa North Korea.<br>● Matapos ang higit sa isang milyong kaswalti sa labanan ay naranasan sa magkabilang panig, ang labanan ay natapos noong Hulyo 1953 na ang Korea ay nahahati pa rin sa dalawang magkaaway na estadom- North at South Korea<br><br>**Digmaang Vietnam**<br>● sang matagalang tunggalian na pinaglabanan ang komunistang pamahalaan ng Hilagang Vietnam at ang mga kaalyado nito sa Timog Vietnam, na kilala bilang Viet Cong, laban sa pamahalaan ng Timog Vietnam at ang pangunahing kaalyado nito, ang Estados Unidos.<br>● Tinatawag na "Digmaang Amerikano" sa Vietnam, ang digmaan ay bahagi rin ng mas malaking salungatan sa rehiyon (Indochina) at isang manipestasyon ng Cold War sa pagitan ng Estados Unidos at ang Unyong Sobyet at ang kani-kanilang mga kaalyado.<br>● Sa gitna ng tunggalian ay ang pagnanais ng Hilagang Vietnam, na pag-isahin ang buong bansa sa ilalim ng iisang rehimeng komunista na huwaran sa Unyong Sobyet at Tsina.<br>● Noong 1969 mahigit 500,000 tauhan ng militar ng U.S. ang nakatalaga sa Vietnam. Samantala, ang Unyong Sobyet at Tsina ay nagbuhos ng mga | |

sandata, suplay, at tagapayo sa Hilaga, na nagbigay naman ng suporta, direksyon sa pulitika, at regular na mga tropang panlaban

- Tinataya ng militar ng U.S. na nasa pagitan ng 200,000 at 250,000 sundalong South Vietnamese ang namatay sa digmaan.
- Noong 1978 ang mga refugees na tumakas sa digmaan ay muling ibinalik, sa ilalim ng Partido Komunista ng Vietnam,
- Samantala, ang USA ay nagsimula nang tumanggap ng pagkatalo sa pinakamatagal at pinakakontrobersyal na digmaang itoi.
- Taong 1995 nang maisaayos muli ang ugnayan ng Vietnam sa USA.

**Sosyalismo sa Vietnam**

Ang Hilagang Vietnam, sa ilalim ng pamumuno ng Vietnamese Communist Party (VCP), ay yumakap sa sosyalismo sa ilang kadahilanan, na nag-ugat sa makasaysayang, ideolohikal, at geopolitical na mga kadahilanan

- Pamana ng Kolonyal
  Ang Vietnam ay nakaranas ng maraming siglo ng kolonyal na pamumuno, una sa ilalim ng dominasyon ng Tsino at kalaunan sa ilalim ng kolonyalismo ng Pransya. Ang mga karanasang ito ay nagpaunlad ng damdaming nasyonalista at pagnanais para sa kalayaan, na nakahanay sa mga sosyalistang ideolohiya na nagtataguyod ng pagpapalaya mula sa mga imperyalistang kapangyarihan.

- Anti-Kolonyal na Pakikibaka
  Ang Partido Komunista ng Vietnam, na pinamumunuan ng mga tauhan tulad ng Ho Chi Minh, ay gumanap ng isang sentral na papel sa pakikibaka para sa kalayaan laban sa kolonyal na paghahari ng Pransya. Ang ideolohiyang Marxist-Leninist ng partido ay nagbigay ng balangkas para sa pagpapakilos ng masa at pag-oorganisa ng paglaban laban sa kolonyal na pang-aapi.
- Pag-aalsa ng Magsasaka
  Ang Vietnam ay isang bansang agraryo, na ang karamihan ng populasyon ay nakikibahagi sa pagsasaka. Ang kaguluhan ng mga magsasaka at paglaban sa mga pyudal na panginoong maylupa at pagsasamantalang kolonyal ay nagbigay ng ideyang sosyalista, na nangangako ng reporma sa lupa, katarungang panlipunan, at pagkakapantay-pantay.

- Internasyonal na Suporta
  Ang Unyong Sobyet at Tsina ay nagbigay ng ideolohikal at materyal na suporta sa Vietnamese Communist Party(VCP) sa panahon ng pakikibaka nito laban sa kolonyalismo ng Pransya. Ang suportang ito ay nagpatibay sa mga sosyalistang prinsipyo at pinatibay ang pangako ng partido sa pagbuo ng isang sosyalistang lipunan sa Vietnam.

- Rekonstruksyon Pagkatapos ng Digmaan:

  Pagkatapos ng pagkahati ng Vietnam at pagtatapos ng Unang Digmaang Indochina, hinarap ng Hilagang Vietnam ang gawain ng muling pagtatayo ng ekonomiya at lipunang nasira ng digmaan. Ang sosyalismo ay nagbigay ng balangkas para sa sentralisadong pagpaplano, pagpapaunlad na pinamumunuan ng estado, at muling pamamahagi ng mga mapagkukunan upang unahin ang mga pangangailangan ng mga tao, partikular na ang mahihirap sa kanayunan.

**Epekto ng Sosyalismo sa Vietnam sa mga bansa sa Timog Silangang Asya**

- Ang pagyakap ng Vietnam sa sosyalismo ay may malaking epekto sa Timog-silangang Asya, na nakaimpluwensya sa pulitika, ekonomiya, at dynamics ng seguridad sa rehiyon.

| **Timog Silangang Asya** | **Epekto** |
|---|---|
| Laos<br><br>Cambodia | Pagbibigay ng santuwaryo, pagsasanay, at materyal na tulong sa mga rebeldeng grupo na lumalaban sa mga maka-Kanlurang pamahalaan, tulad ng Pathet Lao sa Laos at Khmer Rouge sa Cambodia. |
| Pilipinas<br><br>Indonesia | Ang sosyalistang oryentasyon ng Vietnam ay humubog sa rehiyonal na dinamika ng seguridad. |

| | |
|---|---|
| | Liberalisasyon ng ekonomiya |
| Laos<br><br>Cambodia<br><br>Malaysia | Ang sosyalistang ideolohiya ng Vietnam ay patuloy na nakakaimpluwensya sa pampulitikang kilusan sa Timog-silangang Asya.<br><br>Ang mga partidong sosyalista at komunista sa mga bansa sa TSA ay nakakuha ng inspirasyon mula sa rebolusyonaryong pakikibaka at modelo ng pamamahala ng Vietnam |

Tingnan ang maikling pagsusuri sa Korea at Vietnam

| | SOUTH KOREA | VIETNAM |
|---|---|---|
| Lokasyon | East Asia | Southeast Asia |
| Heograpiya | Hilaga North Korea<br>Silangan Sea of Japan<br>Timog East China Sea<br>Kanluran Yellow Sea<br><br>Inoukopa ng South Korea ang 45% ng kabuuang land area ng bansa. Ang punong lungsod nito ay Seoul | Punong Lungsod: Hanoi<br><br>Kilala sa pangalang Saigon noon<br><br>Katatagpuan ng makasaysayang Mekong River |
| Klima | Malamig at tuyong kalupaan | Monsoon, Tropikal Humid |
| Lipunan | Sinaunang lahi ng Korea ay descendants mula sa Siberia, Mongolia at Central Asia<br><br>Nagsasalita ng sinaunang wikang Altaic, na kaugnay ng wikang Hapon at ilang hiram na wikang Intsik | May mataas na *literacy rate*. Taon -taon ay nagpadala ng 7.000 scholars sa ibang bansa |
| Pamumuhay | Industriya ng Teknolohiya<br>Agrikultura | Agrikultura<br>Deposito ng Petrolyo |
| Politika | Republika | Sosyalista Republika |
| Paniniwala | Walang opisyal na relihiyon | Budismo |

**Paghahambing sa Digmaang Korea at Digmaang Vietnam**

.

| KOREAN WAR | PAGHAHAMBING | VIETNAM WAR |
|---|---|---|

| 1950 – 1953<br><br>Panahon ng Cold War | Kailan Naganap? | 1955 – 1975<br><br>Panahon ng Cold War |
|---|---|---|
| Mapanatili ang demokrasya laban sa komunismo (North Korea) | Dahilan | Mapanatili ang demokrasya laban sa komunismo (Soviet Union) |
| Tinulungan ng Amerika laban sa Hilagang Korea | Pagkakatulad | Tinulungan ng Amerika laban sa Soviet Union |
| Nahati sa 2: South at North Korea | | Nahati sa 2: South at North Vietnam |
| South Korea: Demokrasya<br><br>North Korea: Komunismo, | | South Vietnam: Demokrasya<br><br>North Vietnam: Komunismo |
| Natapos ang digmaan dahil sa negosasyon (ceasefire) | | Natapos ang digmaan dahil sa kasunduan (Paris Peace Treaty) |
| Ipinatupad ang *concession* matapos ang kasunduan ng paghihiwalay ng North at South Korea (38th parallel) | Epekto at Implikasyon | *American Military pull-out* sa North Vietnam at pinakawalan lahat ang Amerikanong POWs (*Prisoners of War*) |
| Nanatiling magkahiwalay ang North at South Korea | | Nabuong muli ang North at South Vietnam at kinilala hanggang sa ngayon nilang Vietnam |

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: Pasyal-pasyal**
**Panuto:** Magbubuo ang klase ng isang *advertisement poste*r na naglalaman ng kagandahan ng bansang South Korea at Vietnam sa kasalukuyang panahon, Ang ad poster ay maaaring iguhit o magdikit ng mga ginupit na larawan mula sa 2 bansang nabangghit. Kapag natapos na ang poster, tiyaking makapagsusulat ng isang *tagline* na angkop sa bansang nabanggit.

*Sampol ng tagline: "South Korea Home of the Oppa"*

| | | |
|---|---|---|
| | **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain: Debate**<br>**Panuto:** Pangkatin sa 2 grupo ang mga mag-aaral. Ipaliwanag ang gagawing *brainstorming* para sa gawaing debate. Pagkatapos ay pipili ang pangkat ng 3 kinatawan para sa gagawing pagsasanay.<br>Pangkat 1: Kabutihang dulot ng demokrasya sa pagtatapos ng Digmaan sa South Korea<br><br>Pangkat 2: Mas nakabuti kaya sa South Korea kung nanatili sa ilalim ng komunismo ang bansa?<br><br>**Ikaapat na Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 4: Digmaang Ruso-Afghan**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain: Video Watch**<br>**Panuto:** Panoorin ang video.<br>https://www.youtube.com/watch?v=quu4ThlpERo<br>Pambungad (Pangkatang Gawain)<br>**Pangkat 1 - PAGSASATAO/ROLE PLAY**<br>● Katapusan ng Disyembre 1979 nang salakayin ng tropang Ruso (mula Soviet Union) ang Afghanistan upang suportahan ang pamahalaang komunista sa Afghanistan laban sa mga *Anti-Muslim Guerillas*.<br>● Noong Abril 1978, ang sentristang pamahalaan ng Afghanistan ay pinaalis ng maka-kaliwang pangkat militar sa pamumuno ni Nur Muhammad Taraki,<br>● Ang kapangyarihan sa bansa ay pinaghatian ng dalawang Partido Politikal – People's Party (Marxist-Lenin Wing) at Banner Party (Popular Democratic Party).<br>● Nang maglaon, pagkatapos ng maganap ang kudeta (coup' d'etat), isang koalisyon ang nabuo.<br>**Pangkat 2 GALLERY WALK**<br>● Ang bagong pamahalaang ito sa Afghanistan ay nagsimulang nakipagkasundo sa Soviet Union.<br>● Sunod-sunod na pag-atake ng pinagsamang puwersang komunistang militar ang naganap sa mga anti-communist kung kayat isang malawakang protesta/rebelyon ang sagot ng mga ito laban sa Komunistang Afghans. | |

| | | |
|---|---|---|
| | ● Naipit sa gulo ang mga grupong tribal at urban (sibilyan)kung kayat kinilala din sa kasaysayan ang kaguluhang ito bilang ***mujahideen*** (Arabic mujāhidūn, na nangangahulugang "ang nagsisilakad sa jihad").<br>● Ang mga kaguluhang ito kasama na ang panloob na pakikibaka ng mga tagasuporta ng Partido People's at Banner ay naglunsad ng pagsalakay sa buong bansa sa gabi ng Disyembre 24, 1979.<br>● Pinatalsik sa kanyang posisyon bilang Pangulo si Hafizullah Amin. Pinalitan siya ni Banner lider Babrak Karmal, ngunit ito ay hindi makakakuha ng makabuluhang popular na suporta mula sa lahat ng Afghan.<br>**Pangkat 3 DOKUMENTARYO/PAGBABALITA**<br>● Patuloy ang pananalakay ng tropang Ruso (taga- Soviet Union) sa Afghanistan na sumubok kontrolin ang mga lungsod at mas malalaking bayan. Gumamit sila ng iba't ibang taktika ngunit sadyang mahuhusay sa pakikidigma ang mga guerillang Afghans. Nang maglaon, gumamit naman ng mga *high-powered* na armas ang mga Ruso anupat hindi nakayanan tapatan ito ng mga Afghans.<br>● Sa tulong ng tropang Amerikano, naglunsad ang mga Afghans ng *counter-attack* gamit ang mga Stinger Missile. Nagulat na lamang ang mga Ruso nang magbagsakan ang kanilang mga eroplanong pandigma sa kamay ng mga primitibong rebeldeng Afghans.<br>**Pangkat 4 TALUMPATIAN**<br>● Bukod sa Amerika, marami pang bansa ang tumulong sa Afghanistan tulad ng Pakistan, Saudi Arabia at China.<br>● Nagpadala sila ng pera, armas at maging mga sundalo. Ssa loob ng 5 taong taong labanan (1980-1985) nakabaon a sa pagkatalo ang tropang Ruso. Higit 15,000 sundalong Ruso ang namatay at mas marami ang sugatan.<br>● Bago natapos ang 1985, sinimulan na ng mga Rusong lider na makipag-usap sa isang diplomatikong paraan upang wakasan na ang digmaan,<br>● Sa kabila ng impluwensya ng isang mahigpit na rehimeng Ruso sa Afghanistan, nilagdaan noong 1988 ng Soviet Union ang isang kasunduan kasama ang Estados Unidos, Pakistan, at Afghanistan sa layuning pag-alis ng tropang military ng Ruso sa Afghanistan.<br>● Tuluyan nang nag-widrow ang Soviet Union noong Pebrero 15, 1989 at binalik sa nonaligned status ang Afghanistan.<br>**Resulta ng Demokratikong Usapan ng mga Liders ng Soviet Union at Afghanistan** | |

| | | |
|---|---|---|
| | • Unti-unting paglipat ng responsibilidad ng mga Rusong Militar sa sundalong Afghans.<br>• Sinanay at inarmasan ang mga Afghans<br>• Pinaglaanan ng mga Ruso ng makabagong armas ang mga Afghans<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: Give Me Three** *(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)*<br>**Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: hiSTORY MAP** *(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)* | |
| **D. Paglalahat** | **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain: Salamin...Salamin** *(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)* | Kung sakaling hindi makapag-drowing ang mag-aaral, puwedeng magsulat ng isang simpleng pangungusap sa loob ng salamin upang masagot ang paksa. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit** *(Tingnan sa pahina 7-8 ng Sagutang Papel ang pagsusulit)*<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Magsaliksik sa mga sumusunod na paksa<br>1.Pagbagsak ng Soviet Union at ang pagkawatak-watak ng mga bansa dito.<br>2. Ipaliwanag ang kalagayan ng Lipunan at politika sa Soviet Union bago ito nagkawatak-watak.<br>https://www.youtube.com/watch?v=M16RMXZDG_g.<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=Eq3dbVqSjr8 | | | Batayan ng kasagutan<br>1.Neokolonyalism<br>2. Ruso<br>3. Komunismo<br>4. Literacy Rate<br>5. People's Party<br>6. Cold War<br>7. Cypus<br>8. Amerika<br>9. Soviet Union<br>10.Apartheid |
| ***A.* Pagbuo ng** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | *Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang* |

<table>
<tr><td rowspan="4">Anotas yon</td><td>Estratehiya</td><td></td><td></td><td rowspan="4">kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C.Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td></tr>
</table>